

# Pagsusulit ng Mag-aaral para sa Tagsibol 2021

Impormasyon  
para sa mga Mag-  
aaral, Magulang/  
Tagapangalaga, at  
Pamilya

## Pagsusulit: Malapit na Itong Mangyari

Sa tagsibol na ito, kukuha ng mga pagsusulit para sa pagtatapos ng taon ang lahat ng kwalipikadong mag-aaral sa California batay sa kasalukuyan nilang baitang. Posibleng kasama rito ang:

- Smarter Balanced Summative Assessments para sa sining/literasiya sa wikang Ingles (English language arts/literacy o ELA) at matematika;
- California Science Test;
- Summative English Language Proficiency Assessments for California o isang alternate assessment na lokal na inalam ng individualized educational program team ng mag-aaral;
- Ang California Alternate Assessments para sa ELA, matematika, at agham; at
- opsyonal na California Spanish Assessment.

Makipag-ugnayan sa guro ng iyong anak para malaman kung anong mga pagsusulit ang kukunin ng iyong anak sa tagsibol.

## Iba Ang Pag-aaral, Kaya Iba Din Ang Pagsusulit

Malamang na naiiba ang pag-aaral para sa iyong anak sa taong ito. Ano man ang kahulugan ng “naiiba” para sa iyong pamilya, isang bagay ang nananatiling totoo—nagsikap nang husto ang mga mag-aaral at magkakaroon sila ng pagkakataon ngayong tagsibol para ipakita kung ano ang alam at kaya nila. Dahil iba ang naging pag-aaral, iba din ang magiging pagsusulit:

- Magiging mas maikli ang computer adaptive na bahagi ng mga pagsusulit na Smarter Balanced kaysa sa mga nakalipas na taon. Magbibigay ito sa mga guro nang mas maraming oras para magturo at mas maraming panahon naman para maging bihasa sa materyal ang mga mag-aaral.
- Pwedeng isagawa ang pagsusulit sa personal o nang remote. Nakadepende ito sa uri ng pagsusulit na kwalipikadong kunin ng iyong anak, sa mga patakaran ng iyong paaralan at distrito, at gabay mula sa inyong lokal na ahensya ng pampublikong kalusugan.

Magkakaroon ng higit na impormasyon ang guro ng iyong anak tungkol sa partikular na plano sa pagsusulit para sa iyong anak.

## Naiiba Pero Kasinghalaga Gaya Nang Dati

Ang mga pagsusulit sa pagtatapos ng taon ng iyong anak ay magbibigay sa iyo, sa iyong anak, at sa (mga) guro ng iyong anak ng mahalagang impormasyon tungkol sa pag-aaral sa taong ito. Gamitin ang mga resulta ng pagsusulit kasama ng mga grade, classwork, homework, at feedback ng guro para maunawaan kung makakaabot ba ang iyong anak sa mga pamantayan para sa baitang, o kung nangangailangan ng karagdagang suporta.

## Ganito Mo Matutulungan Ang Iyong Mag-aaral

Isa kang mahalagang bahagi sa edukasyon ng iyong anak. Ang ilang bagay na pwede mong gawin para matulungan ang iyong anak na makapagtanda para sa pagsusulit ay:

- Makipag-ugnayan sa guro ng iyong anak para maunawaan ang mga inaasahan.
- Himukin ang iyong anak na gawin ang lahat ng kanyang makakaya sa pagsagot ng bawat tanong.
- Ipaalala sa iyong anak na OK lang kung hindi niya alam ang mga sagot sa ilang tanong.
- Himukin ang iyong anak na sagutin ang lahat ng tanong sa pamamagitan ng paghula batay sa kanyang napag-aralan kung hindi siya sigurado kung ano ang tamang sagot.
- Maglaan ng tahimik na lugar kung saan pwede gawin ng iyong anak ang pagsusulit.
- Ipaalala sa iyong anak na isang paraan lang ang mga resulta ng pagsusulit para ipakita ang kanyang natutunan.
- Huwag tangkaing tulungan ang iyong anak sa panahon ng pagsusulit sa pamamagitan ng paglililina sa mga instruksyon o pagbibigay ng mga sagot sa mga tanong.

Magkakaroon ng higit na impormasyon ang guro ng iyong anak tungkol sa partikular na plano sa pagsusulit para sa iyong anak.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa pagsusulit sa tagsibol, bumisita sa <https://ca-toms-help-qc.ets.org/spring-21-parents-guardians/>.



Pebrero 2021